



MGA DISKWENTO AT PROMOSYON PARA SA BUONG PAMILYA

Tumuklas ng magagandang park, masasayang atraksyon para sa pamilya, mahuhusay na pamimili, magagandang restaurant, at higit pa para sa mas murang halaga!

- Libreng makakasakay ang mga batang nasa 12 taong gulang pababa
- Mga weekday na panggrupong pass na nagsisimula sa \$30 para sa 2 tao
- Day pass sa weekend para sa \$10
- Mga diskwento para sa Senior at Mag-aaral


MAGAGAMIT MO NA ANG GO!

Huwag kalimutang mag-sign up para sa aming newsletter sa email na may mahuhusay na tip at itinatampok para sa mga newcomer:

gotransit.com/welcome

Kung mayroon kang anumang tanong:


Toll-free na mag-text sa 1-888-GET-ON-GO (438-6646).



Para sa impormasyon sa mga karagdagang wika, i-scan ang QR code.




MAPA NG SYSTEM SYSTEM MAP



Sumakay sa UP Express train para sa isang biyaheng walang kahirap-hirap papunta at mula sa Pearson Airport.

Umaabot lang ito ng 25 minuto o mas kaunti at libreng makakasakay ang mga bata! Ito ang pinakamabilis, pinakamadali, at pinakamurang paraan para makarating sa airport.

Bisitahin ang upexpress.com para sa higit pang impormasyon.



UP
Union
Pearson
Express

MABUHAY, MGA NEWCOMER!





PRESTO CARD

Gamitin ang iyong PRESTO card para magbayad ng mga pamasaha sa mga GO train at bus, kabilang din ang iba pang lokal na transit.



TUKLASIN ANG BAGO MONG TAHANAN!

Habang ikinakasanayan mong mamalagi sa Greater Toronto at Hamilton Area (GTHA), matuto pa tungkol sa kung paano pinapabilis at pinapadali ng GO Transit, UP Express, at PRESTO ang pag-iikot sa lugar.

- Sa pamamagitan ng GO Transit, madadala ka ng mga train at bus sa kahit saang kailangan mong puntahan sa buong rehiyon.
- Isang train ang UP Express na nagdurugtong sa bayan ng Toronto at sa airport sa loob ng 25 minutong walang kahirap-hirap.
- Ang PRESTO card ay ang pinakamadaling paraan para bayaran ang iyong pamasaha sa transit sa GO, UP, at lokal na transit sa buong rehiyon.

Laging dalhin ang guidebook na ito at gamitin ito para tulungan kang mapadali ang paglakbay sa pampublikong transit.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: gotransit.com/welcome

Una, kailangan mong magdagdag ng pera sa card. Sundin ang mga tagubilin ito:

Gamitin ang isa sa mga paraang ito para magdagdag ng pera sa card:

- I-download ang PRESTO mobile app o pumunta online sa prestocard.ca
- Gumamit ng self-serve na machine ng PRESTO sa isang GO train o Istasyon ng TTC
- Pumunta sa kalahok na store ng Shoppers Drug Mart at humiling ng kinatawan ng serbisyo para sa customer

PAANO MAGBAYAD GAMIT ANG PRESTO PARA MAKASAKAY NG GO TRAIN O GO BUS

- 1 Para sa GO train, i-tap ang iyong PRESTO card sa isang machine ng PRESTO sa istasyon bago ka sumakay at gawin din ito pagkababa mo sa iyong destinasyon.
- 2 Para sa GO bus, i-tap ang iyong card pagkaakyat ng bus at gawin din ito pagkababa mo sa iyong destinasyon

TANDAAN! Laging i-tap ang iyong PRESTO card kapag bumaba ng train o bus, kung hindi ay sisingilin ka ng dagdag na bayad.

MAGSAYA AT MAKATIPID SA TULONG NG MGA PERK NG PRESTO!

Makakuha ng mga diskwento sa maraming atraksyon sa pamamagitan ng pagpapakita ng iyong PRESTO card:



Sumakay ng GO train papunta sa pinakasikat na Niagara Falls at makatipid sa tulong ng PRESTO. Para sa higit pang detalye tungkol sa Mga Perk ng PRESTO, pumunta sa prestocard.ca/perks



PAANO MAGPLANO NG BIYAHE SA GO TRANSIT

Bisitahin ang gotransit.com, sa Page na Home sa ilalim ng "Plan Your Trip" (Planuhin ang Iyong Biyahe), piliin ang:

- 1 Number of passengers (Bilang ng mga pasahero)
- 2 Pumili ng "Depart At" (Umalis Ng) o "Arrive By" (Dumating Ng)
- 3 Ilagay ang iyong lokasyon sa simula at lokasyong pupuntahan
- 4 Date of trip (Petsa ng biyahe)
- 5 Time of trip (Oras ng biyahe)
- 6 Pindutin ang "Search" (Maghanap)

MAGTIPIID NG PERA SA TRANSIT GAMIT ANG ONE FARE NG ONTARIO!

Kapag sumasakay ka sa GO at nagbayad gamit ang PRESTO, ang mga paglilipat papunta sa at mula sa lokal na transit ay libre. Mag-tap lang sa iyong PRESTO, credit, o debit card sa anumang punto papunta at magiging libre ang iyong lokal na transit.



Para sa impormasyon tungkol sa One Fare at iba pang nakadiskwentong pamasaha para sa mga senior at kabataan, bisitahin ang aming website: gotransit.com/welcome